8

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Modelong Banghay-Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter 1

Aralin 1

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay-Aralin sa Araling Panlipunan 8**
**Kuwarter 1: Aralin 1 (Linggo 1)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong-Panunurang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
- Arlene Joy T. Jacob

**Tagasuri:**
- Ma. Victoria Culminas - Colis, PhD.

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.



**ARALING PANLIPUNAN, UNANG MARKAHAN, BAITANG 8**

<table>
<tr><th colspan="2">NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN</th></tr>
<tr><td>A. Mga Pamantayang Pangnilalaman</td><td>Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa interaksiyon ng tao sa kaniyang kapaligiran na nagbigay daan sa pagkakakilanlan at pagtugon sa nagbabagong kapaligiran.</td></tr>
<tr><td>B. Mga Pamantayan sa Pagganap</td><td>Nakagagawa ng presentasyon na nagpapatunay ng interaksiyon ng tao at kapaligiran.</td></tr>
<tr><td>C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto</td><td>LC: Nailalarawan ang katangiang pisikal ng daigdig at implikasyon nito sa pamumuhay ng mga tao.<br>Mga Kasanayan<br><br>1. Natatalakay ang mga teoryang pinagmulan at pagkakabuo ng mga kontinente sa daigdig.<br>2. Naipaliliwanag ang kahalagahan ng mga anyong lupa at anyong tubig sa pamumuhay ng mga tao.<br>3. Nakagagawa ng video na nagpapakita ng pamamaraan ng pag-iingat sa mga anyong lupa at tubig.<br>4. Nasusuri ang implikasyon ng limang tema ng heograpiya sa pang araw-araw na pamumuhay ng mga tao.</td></tr>
<tr><td>C. Nilalaman</td><td>A. Heograpiya ng Asya at Daigdig<br>1. Mga Kontinente ng Daigdig<br>2. Natatanging Katangiang Pisikal ng Daigdig<br>3. Implikasyon ng Heograpiya ng daigdig sa pamumuhay ng mga tao</td></tr>
<tr><td>D. Integrasyon</td><td>Tao, Lipunan, at Kapaligiran (People, Society, and Environment)</td></tr>
</table>

| II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO |
|---|
| Campbell, P. (2016, March 15). The Story of Civilization. TAN Books.<br><br>Doherty, G., Claybourne, A., & Davidson, S. (2004, January 1). *The Usborne Internet-linked Encyclopedia of World Geography with Complete World Atlas*. http://books.google.ie/books?id=IwneAAAACAAJ&dq=The+usborne+Internet-linked+Encyclopedia+of+world+gography&hl=&cd=2&source=gbs_api |

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**1.Maikling Balik-aral**<br><br>**A. AROUND THE WORLD:** *(Tingnan sa pahina 1-2 ng Sagutang Papel)*<br><br>Mula sa gawain ng balik-aral , tatanungin ang mga mag-aaral ng mga sumusunod na Pamprosesong tanong.<br><br>1. Ano ano ang mga nakitang *landmark* sa bawat larawan?<br>2. Saang kontinente ito makikita? Mahalaga ba ang mga *landmark* na ito sa bawat kontinente at sa mga bansa kung saan ito makikita? | Mga Sagot na Kontinente<br>1.Timog Amerika<br>2. Asya<br>3. Africa<br>4. Europa<br>5. Antartika<br>6. Australia<br>7. Hilagang Amerika<br><br>Mga Sagot na *landmark*<br>1.Christ the Redeemer<br>2. Great Wall of China<br>3. Pyramid of Giza<br>4. Eiffel Tower<br>5. Iceberg<br>6. Sydney Opera House<br>7. Statue of Liberty |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br><br>**Gawain: Panonood ng Video (Pamaraang Multi-media)**<br>Gamitin ang link upang mapanood ang isang *video clip* na may kinalaman sa pinagmulan ng daigdig at mga kontinente nito. | Ang nasa *video* ay ilan lamang sa mga teorya ng pinagmulan ng daigdig. Maaaring magdagdag ang guro tungkol dito. |

| | | |
|---|---|---|
| | https://www.youtube.com/watch?v=XPR5Enh1o-o&themeRefresh=1<br><br>Pamprosesong Tanong:<br>1. Isa-isahin ang mga teoryang nabanggit sa *video* tungkol sa mga teoryang pinagmulan ng mga kontinente.<br>2. Alin sa mga teoryang ito ang iyong pinaniniwalaan? Bakit?<br><br>https://www.youtube.com/watch?v=wYYakyS_HOg<br><br>Pamprosesong Tanong:<br><br>1. Ibigay ang mga kontinente ayon sa pagkakasunod-sunod ng laki nito.<br>2. Ano-anong mga anyong tubig ang makikitang nakapalibot sa bawat kontinente?<br><br>https://www.youtube.com/watch?v=5lMoRS8tsQs<br><br>Pamprosesong Tanong:<br>1. Isa-isahin ang limang tema ng heograpiya.<br>2. Paano nakatutulong ang limang tema ng heograpiya sa pamumuhay ng mga tao? Magbigay ng halimbawa.<br><br>Lugar \| Lokasyon \| Rehiyon \| Paggalaw<br>Interaksyon ng tao sa kaniyang kapaligiran<br><br>**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br><br>*Jigsaw Puzzle* : Bubuuin ng mga mag-aaral ang *jigsaw puzzle* base sa mga salita at kahulugan ng mga ito. | Sa puntong ito, dapat ay mayroong mapa ng daigdig upang maituro ng mga bata ang bawat kontinente at ang mga anyong tubig na nakapalibot dito.<br><br>Ang mga Pamprosesong tanong ay gabay lamang para sa mga video na pinapanood sa mga bata. Maaaring magbigay pa ng ilang mga katanungan ang guro para sa pagtalakay ng video at upang magkaroon ng konsepto ang mga bata para sa tatalakayin na aralin. |

| | | |
|---|---|---|
| | <br><br>Ano ang iyong nabuong kahulugan ng kontinente at heograpiya?<br><br>*Anagram*: Ayusin ang anagram na nasa ibaba.<br>analogy pun<br>bay tonguing<br>aka lain painstaking<br><br>IDEYA MO MAHALAGA: Magbigay ng mga kaisipang maiuugnay sa mga salitang nasa ibaba.<br>Lugar<br>Lokasyon<br>Paggalaw<br>Rehiyon<br>Interaksyon ng tao sa kaniyang kapaligiran | Ito ang maaaring maging<br><br><br>sagot sa *anagram.*<br>Ang anagram ay tumutukoy sa isang gawain o laro kung saan kailangang ayusin ang mga letra ng isang salita upang matukoy kung ano ito.<br><br>1.Anyong lupa<br>2.Anyong tubig<br>3.Pisikal na katangian<br><br>IDEYA MO MAHALAGA: Mahalagang maipamalas ng mga mag-aaral ang kanilang mga ideya sa paksang tatalakayin. |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKALAWANG ARAW**<br><br>**Kaugnay na Paksa 1: Mga Teorya sa Pagkakabuo ng mga Kontinente** | |

Teorya kung Paano nabuo ang mga Kontinente

CONTINENTAL DRIFT

-Ipinanukala ni Alfred Wegener noong 1912.Ayon sa teoryang ito ang mga kontinente ay matagal ng nakausad ng malayo sa ibabaw ng mundo at patuloy pa ring umuusad magpasahanggang ngayon. Sinabi din niya na ang mga kontinente ay binubuo ng iisang masa ng lupa na tinatawag na *Pangea* at pinalilibutan ng nag-iisang karagatan na *Panthalassa.* Ang *Pangea* ay nabasag at naging dalawang malaking umbok na *Gondwanaland at Laurasia.*

PLATE TECTONICS

-Nabuo ang teoryang ito noong 1960, at ayon dito ang mga kontinente ay nakatuntong sa plates o malaking tipak ng lupa na nakalutang sa magma na napunta sa tatlong direksyon.May tatlong uri ng plate boundaries ang *divergent*, *convergent* at *transform.*

| KONTINENTE | KLIMA | LOKASYON | HANGGANAN |
|---|---|---|---|
| ASYA<br><br>(44,362,815 kilometro kwadrado) | -Tropikal<br>-Sub Tropikal<br>-Temperate<br>-Polar | 49°83' H Latitud | H-Karagatang Artiko<br>S-Karagatang Pasipiko<br>T-Dagat Arabia at |


Maaaring gumamit ng larawan ang guro upang lubos na maipaliwanag sa mga mag-aaral ang paksa.

*"Upang matiyak ang pagsunod sa iba't ibang Batas sa Karapatang-Sipi, inirerekomenda ang mga iminungkahing tagubilin:*

- *Humanapa ng litrato ng Contidental Drift*

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | | Karagatang Indian<br>K- Dagat<br>Pula/Bundok Ural |
| Aprika<br><br>(30,304,155 kilometro kwadrado) | -Tropikal<br>-Semi-arid<br>-Disyerto | 8°46’ T Latitud<br>35°30’ S Longhitud | H- Dagat Meditterenean<br>T- Karagatang Artiko<br>K- Timog Karagatang Atlantiko<br>S- Karagatang Indian |
| Hilagang Amerika<br><br>(24, 250,058 kilometro kwadrado) | -Temperate<br>-Continental<br>-Sub Tropikal | 17°55’ - 83°40’ H Latitud<br>11°40’ - 55°40’K Longhitud | H-Karagatang Artiko<br>T- Timog Amerika<br>K- Karagatang Pasipiko<br>S- Karagatang Atlantiko |
| Timog Amerika<br><br>(17,806,168 kilometro kwadrado) | -Tropikal<br>-Sub Tropikal<br>-Temperate<br>-Sub Polar<br>-Disyerto | 12°28’ H Latitud<br>53°54’ T Latitud<br>83’- 45’ K Longhitud | H- Hilagang Amerika<br>S- Timog Karagatang Atlantiko<br>T- Karagatang Antartiko<br>K- Timog Karagatang Atlantiko |
| Antartika<br><br>(14,244,934 kilometro kwadrado) | -Polar | | |
| Europa<br><br>(10,507,581 kilometro kwadrado) | -Mediterranean<br>-Continental<br>-Temperate | 71°8’-36’ H Latitud<br>90’ -65’S Longhitud | H- Karagatang Artiko<br>S- Kabundukang Ural<br>T- Dagat Mediterreanean<br>K- Karagatang |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | | Atlantiko |
| Australya at Occeania<br><br>(7,682,256 kilometro kwadrado) | -Tropikal<br>-Disyerto<br>-Temeperate | 17°55’-83°40 H Latitud<br>11°40’ - 55°40’ K Longhitud | H- Indonesia<br>T- Antartiko<br>K- Karagatang Indian<br>S- Timog Karagatang Pasipiko |
| **Kabuuang Sukat**<br><br>**149,157,967 kilometro kwadrado)** | | | |



**https://commons.wikimedia.org/wiki/File:A_large_blank_world_map_with_oceans_marked_in_blue.PNG**

**1. Pagproseso ng Pag-unawa**

1.Paano nabuo ang mga kontinente sa daigdig?
2.Base sa mga Teorya ng pagkakabuo ng mga kontinente, alin sa mga ito ang iyong pinaniniwalaan? Bakit?
3. Paano nakakaapekto ang klima sa pamumuhay ng mga tao sa bawat kontinente magbigay ng halimbawa?

Masasagot ng mga mag-aaral ang gawain base sa ibinigay na takda ng guro. P{upunan ng mga mag-aaral ang call out.

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

**SALIKSIK-SURI:** *(Tingnan sa pahina 3 ng Sagutang Papel)*

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

**Gamitin ang mapa na nasa ibaba. Isulat sa loob ng kahon ang mga kontinente na itinuturo dito.**

*(Tingnan sa pahina 5 ng Sagutang Papel)*

**IKATLONG ARAW**

**Kaugnay na Paksa 2:** Natatanging Katangiang Pisikal ng Daigdig

Ang topograpiya ay salitang naglalarawan sa mga pag-aaral sa ibabaw ng lupa. Binubuo ito ng mga pagbabago sa mga kabundukan at mga lambak at maging sa mga katangian ng mga ilog at daan.

**MGA ANYONG LUPA**



https://www.deviantart.com/gsuguitanjr/art/Bundok-Ng-Susong-Dalaga-297526107

Bundok – Pinakamataas na anyong lupa



https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Maligcong_Rice_Terraces.jpg

Bulubundukin-Magkakaduktong na bundok

Mga sagot:

1. Asya
2. Africa
3. Hilagang Amerika
4. Timog Amerika
5. Europa
6. Australya/Oceania
7. Antartika

Sa puntong ito ang mga nasa larawan ay ilan lamang sa mga halimbawa ng anyong lupa at anyong tubig. Maaaring magbigay pa ang guro ng iba pang halimbawa.

| | | |
|---|---|---|
| | <br>https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Chocolate_Hills_-_edit.jpg<br>Burol - Mataas na anyong lupa ngunit mas mababa kesa sa bundok<br><br>https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Mayon_2_Allan_Jay_Quesada.jpg<br>Bulkan - May butas o bunganga sa tuktok, bumubuga ng mainit na putik<br><br>https://www.deviantart.com/sierraisabelle/art/Good-Morning-Ilocos-116594457<br>Kapatagan- malawak, pantay na anyong lupa<br><br>https://commons.wikimedia.org/wiki/File:0579Views_of_Talampas_irrigation_canals_fields_bridges_31.jpg<br>Talampas - Patag na lupa sa itaas ng bundok<br><br>https://www.flickr.com/photos/137269534@N06/22743725564<br>Talampas - Patag na lupa sa itaas ng bundok<br><br>https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Isla_Maill%C3%A9n.jpg<br>Isla- Anyong lupa na napapaligiran ng tubig. | Maaring magbanggit ng mga halimbawa ng mga anyong-lupa at anyong-tubig na kilala sa mundo. |



https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Karagatan.jpg

Karagatan-Pinakamalawak, pinakamalaki at pinakamalalm na anyong tubig.

Dagat- Maliit na bahagi ng karagatan, maalat ang tubig dito.

Look - Bahagi ng dagat na malapit sa kalupaan



https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Gili_lawa.jpg

Lawa - Napapaligiran ng lupa, ang tubig dito ay matabang



https://commons.wikimedia.org/wiki/File:01014jfC_8_Highway_Boundary_Bagong_Ilog_Pasig_Boulevard_Flyover_Makati_Bridge_River_Cityfvf.jpg

Ilog - Umaagos na tubig na nagmumula sa mga bundok at nagtatapos sa dagat



https://www.flickr.com/photos/nccaofficial/18068120704

Talon-Tubig na bumabagsak mula sa bundok

*Upang matiyak ang pagsunod sa iba't ibang Batas sa Karapatang-Sipi, inirerekomenda ang mga iminungkahing tagubilin:*

- *Humanapa ng litrato ng Dagat at Look*

| | | |
|---|---|---|
| | **1.Pagproseso ng Pag-unawa**<br>1.Paano nakakaapekto ang mga anyong lupa at anyong tubig sa pamumuhay ng mga tao?<br>2. Anong mga hanapbuhay ang makikita natin sa mga lugar na ito?<br>3. Malaki ba ang epekto ng kapaligiran sa kabuhayan ng mga tao? Bakit?<br><br>**2.Pinatnubayang Pagsasanay**<br>**POP ART**: Pipili ng isang anyong lupa o anyong tubig na iyong napuntahan. Sa likod ng pop-up anong mga aktibidad ang iyong ginawa sa napiling anyong lupa o tubig? Ipaliwanag ang uri ng pamumuhay ng mga taong nakatira dito.<br><br>**3.Paglalapat at Pag-uugnay**<br>**ANO ANG SAY MO?**<br>**(Pamamaraang Multimedia)**<br>Gumawa ng isang video ng talumpati kung paano mo dapat mapapangalagaan ang ating anyong lupa at anyong tubig. Ang video ay dapat tatagal lamang ng 1 minuto at ito ay ipapasa sa *google drive* na ibibigay ang *link* ng guro.<br><br>**IKAAPAT NA ARAW**<br><br>**Kaugnay na Paksa 3: Limang tema ng Heograpiya**<br><br>**1.Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>**Limang Tema sa Pag-aaral ng Heograpiya**<br>Ang limang tema ng heograpiya ay pinangunahan ng National Council for Geographic Education at ng Association of American Geographer noong 1984 layunin nito na maging madali at simple ang ang pag-aaral ng heograpiya bilang isang disiplina ng Agham Panlipunan.<br><br>Lokasyon: Tumutukoy sa kinaroroonan ng mga lugar sa daigdig. Ito ay may dalawang pamamaraan ng pagtukoy: 1.Lokasyong Absolute na gamit ang mga imahinaryong guhit sag lobo at sa mapa 2.Lokasyong Relatibo na ang batayan ay mga lugar at bagay na nasa paligid nito. | Maaaring gumamit ang mga mag-aaral ng recycled |

| | | |
|---|---|---|
| | <table><tr><td>Lugar</td><td>Tumutukoy sa mga katangiang natatangi sa isang pook.<br>Ito ay may dalawang pamamaraan ng pagtukoy:<br>1.Katangian ng kinaroroonan tulad ng klima, anyong lupa at tubig at likas na yaman<br>2.Katangian ng mga taong naninirahan tulad ng wika, relihiyon densidad o dami ng tao, kultura at sistemang political.</td></tr><tr><td>Rehiyon</td><td>Bahagi ng daigdig na pinagbuklod ng magkakatulad na katangiang pisikal o kultual.</td></tr><tr><td>Interaksyon ng Tao at Kapaligiran</td><td>Kaugnayan ng tao sa pisikal na katangiang taglay ng kaniyang kinaroroonan.</td></tr><tr><td>Paggalaw</td><td>Paglipat ng tao mula sa kinagsnang lugar patungo sa ibang lugar, kabilang dito dito ang paglipat ng mga bagay at likas na pangyayari tulad ng hangin at ulan.</td></tr></table><br>**Halimbawa ng Pagtalakay ng Limang Tema ng Heograpiya**<br><table><tr><th>Tema ng Heograpiya</th><th>Halimbawa</th></tr><tr><td>Lugar</td><td>Ang Pilipinas ay may Klimang Tropikal, Filipino ang Pambansang Wika at marami ang naniniwala sa Relihiyong Katoliko.</td></tr><tr><td>Lokasyon</td><td>Lokasyong Absolute - 23°-21.25° H Latitud<br>116°-127° S Longhitud<br><br>Relatibong Lokasyon<br><br>Bisinal- Malapit sa Taiwan, Indonesia at Vietnam<br><br>Insular na Lokasyon<br><br>Hilaga- Bashi Channel</td></tr></table> | materials para sa kanilang pop-up.<br><br>Maaaring magbigay pa ang guro ng iba pang halimbawa upang masagutan ng mga mag-aaral ang susunod na gawain. |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
<table>
<tr><td></td><td>Timog-Dagat Celebes<br>Kanluran- West Philippine Sea<br>Silangan- Pacific Ocean</td></tr>
<tr><td>Rehiyon</td><td>Ang Pilipinas ay kasama sa rehiyon ng Timog-Silangang Asya. Ang rehiyon ay kilala sa kanyang mayaman na kultura, likas na yaman, at makulay na kasaysayan. Malaki din ang naging impluwensiya ng rehiyon sa ekonomiya at pulitika.</td></tr>
<tr><td>Interaksyon ng tao at Kapaligiran</td><td>Ang estratehikong lokasyon ng bansang Indonesia ang nagbigay daan upang umusbong ang dalawang Imperyo dito.<br>Ang Imperyong Sri Vijaya ay natagumpay dahil sa kanilang husay na pamamahala sa maritime trade, nakabase ang imperyo sa isang mahalagang ruta ng kalakalan sa pagitan ng mga bansang India, Tsina at iba pang bansa sa Timog-Silangang Asya. Ang Imperyong Madjapahit ay nagdulot ng malalim na impluwensiya sa kultura, relihiyon at lipunan ng Timog Silangang Asya at nakilala rin sa kanyang military campaign.</td></tr>
<tr><td>Paggalaw</td><td>Ang Pilipinas ay naging bahagi ng maritime trade network ng Imperyong Sri Vijaya.Nagkaroon ng pagkakataon ang mga Pilipino na magkaroon ng mga kalakal tulad ng seda, tela at iba pang kagamitan. Ang pakikipagkalakalan ng mga Pilipino ay nagbukas upang magkaroon ng cultural exchange at pagbabago sa ekonomiya at lipunan.</td></tr>
</table>
</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>D. Paglalahat</td>
<td>1. Pabaong Pagkatuto<br><br>(Pamamaraang Pangkatang Dinamiko)<br>Group Work: Pipili ng isang bansa na bibigyang pansin ng inyong pangkat. Suriin ang kalagayang Heograpiko ng napiling bansa gaya ng mga konkretong halimbawa na naaayon sa limang tema ng Heograpiya. Maaaring gumamit ng iba't ibang klase ng chart upang ipakita ito.<br><br>2. Pagninilay sa Pagkatuto</td>
<td></td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | **(Pamamaraang Konseptwal)**<br>Gumawa ng Journal Entry para sa Kahalagahan at implikasyon ng pag-aaral ng Heograpiya sa pamumuhay ng tao. Magbigay ng mga halimbawa. Ang *Journal entry* ay dapat na hindi bababa sa limang pangungusap. | |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | 1. **Pagsusulit:** *(Tingnan sa pahina 7 ng Sagutang Papel)*<br><br>2. Ipaliwanag ang kahalagahan ng pagtukoy ng lokasyon ng isang lugar at epekto ng heograpiya sa pamumuhay ng tao. Maaaring magbigay ng mga karanasan na maaring gamitin upang ipaliwanag ito. (10 puntos)<br><br>**2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**<br>1.Isa-isahin ang mga Kabihasnang sumibol sa Asya?<br>2. Bakit sa mga lambak-ilog nagsimula ang mga Kabihasnang ito? | | | Mga Sagot:<br>1.A<br>2.D<br>3.C<br>4.E<br>5.K<br>6.B<br>7.F<br>8.L<br>9.G<br>10.H |
| **B. Pagbuo ng Anotasyon** | **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.** | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** | *Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.*<br><br>*Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na* |
| | ***Estratehiya*** | | | |
| | ***Kagamitan*** | | | |
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | |
| | ***At iba pa*** | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | *araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.* |
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***Prinsipyo sa pagtuturo***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***Mag-aaral***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***Pagtanaw sa Inaasahan***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | | | *Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagawa ng LAC/Collab sessions. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro* |